# *Pagdurusa Yugto 3 Pagninilaya Mula sa Awit 37*

***"1 Huwag kang mabalisa dahil sa mga manggagawa ng kasamaan, ni managhili ka man sa kanila na nagsisigawa ng kalikuan. 2 Sapagka't sila'y madaling puputuling gaya ng damo, at matutuyong gaya ng sariwang damo. 3 Tumiwala ka sa Panginoon, at gumawa ka ng mabuti; tumahan ka sa lupain, at gawin mong kumain sa kaniyang pagkatapat. 4 Magpakaligaya ka naman sa Panginoon; at bibigyan ka niya ng nasa ng iyong puso. 5 Ihabilin mo ang iyong lakad sa Panginoon; tumiwala ka rin naman sa kaniya, at kaniyang papangyayarihin. 6 At kaniyang palalabasing gaya ng liwanag ang iyong katuwiran, at ang iyong kahatulan ay gaya ng katanghaliang tapat. 7 Ikaw ay magpahinga sa Panginoon, at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya: huwag kang mabalisa ng dahil sa kaniya na gumiginhawa sa kaniyang lakad, dahil sa lalake na nagpapangyari ng mga masamang katha.8 Maglikat ka ng pagkagalit, at bayaan mo ang poot: huwag kang mabalisa, iya'y maghahatid lamang sa paggawa ng kasamaan.9 Sapagka't ang mga manggagawa ng kasamaan ay mangahihiwalay: nguni't yaong nagsipaghintay sa Panginoon, ay mangagmamana sila ng lupain.10 Sapagka't sangdali na lamang, at ang masama ay mawawala na: Oo, iyong uusisaing mainam ang kaniyang dako, at siya'y mawawala na. 11 Nguni't ang maamo ay magmamana ng lupain, at masasayahan sa kasaganaan ng kapayapaan.12 Ang masama ay kumakatha laban sa ganap, at pinagngangalit sa kaniya ang kaniyang mga ngipin.13 Tatawanan siya ng Panginoon: sapagka't kaniyang nakikita na ang kaniyang kaarawan ay dumarating.14 Hinugot ng masama ang tabak, at inihanda ang kanilang busog: upang ilugmok ang dukha at mapagkailangan, upang patayin ang matuwid sa paglakad:14 Ang kanilang tabak ay masasaksak sa kanilang sariling puso, at ang kanilang busog ay mababali.16 Mainam ang kaunti na tinatangkilik ng matuwid, kay sa kasaganaan ng maraming masama. 17 Sapagka't ang mga bisig ng masasama ay mangababali: nguni't inaalalayan ng Panginoon ang matuwid.18 Nalalaman ng Panginoon ang kaarawan ng sakdal: at ang kanilang mana ay magiging sa magpakailan man. 19 Hindi sila mangapapahiya sa panahon ng kasamaan: at sa mga kaarawan ng kagutom ay mangabubusog sila. 20 Nguni't ang masama ay mamamatay, at ang mga kaaway ng Panginoon ay magiging gaya ng taba ng mga kordero: sila'y mangapupugnaw: sa usok mangapupugnaw sila.21 Ang masama ay humihiram, at hindi nagsasauli: nguni't ang matuwid ay nahahabag, at nagbibigay.22 Sapagka't ang mga gayong pinagpala ng Panginoon ay mangagmamana ng lupain; at silang sinumpa niya ay mahihiwalay.23 Ang lakad ng tao ay itinatag ng Panginoon; at siya'y nasasayahan sa kaniyang lakad. 24Bagaman siya'y mabuwal, hindi siya lubos na mapapahiga: Sapagka't inaalalayan siya ng Panginoon ng kaniyang kamay.25 Ako'y naging bata, at ngayo'y matanda; gayon ma'y hindi ko nakita ang matuwid na pinabayaan, ni ang kaniyang lahi man ay nagpapalimos ng tinapay. 26 Lahat ng araw ay nahahabag, at nagpapahiram; at ang kaniyang lahi ay pinagpapala. 27 Ikaw ay humiwalay sa kasamaan, at gumawa ka ng mabuti; at manahan ka magpakailan man. 28 Sapagka't iniibig ng Panginoon ang kahatulan, at hindi pinababayaan ang kaniyang mga banal; sila'y iniingatan magpakailan man: nguni't ang lahi ng masama ay mahihiwalay. 29 Mamanahin ng matuwid ang lupain, at tatahan doon magpakailan man. 30 Ang bibig ng matuwid ay nangungusap ng karunungan, at ang kaniyang dila ay nagsasalita ng kahatulan. 31 Ang kautusan ng kaniyang Dios ay nasa kaniyang puso, walang madudulas sa kaniyang mga hakbang. 32 Inaabatan ng masama ang matuwid, at pinagsisikapang patayin niya siya. 33 Hindi siya iiwan ng Panginoon sa kaniyang kamay, ni parurusahan man siya pagka siya'y nahatulan. 34 Hintayin mo ang Panginoon, at ingatan mo ang kaniyang daan, at ibubunyi ka upang manahin mo ang lupain: pagka nahiwalay ang masama, iyong makikita. 35 Aking nakita ang masama sa malaking kapangyarihan, at lumalaganap na gaya ng sariwang punong kahoy sa kaniyang lupang tinubuan. 36 Nguni't may dumaan at, narito, wala na siya: Oo, hinanap ko siya, nguni't hindi siya masumpungan. 37 Tandaan mo ang sakdal na tao, at masdan mo ang matuwid: sapagka't may isang maligayang wakas sa taong may kapayapaan. 38 Tungkol sa mga mananalangsang, mangalilipol silang magkakasama: ang huling wakas ng masama ay mahihiwalay. 39 Nguni't ang kaligtasan ng matuwid ay sa Panginoon: siya'y ang kanilang kuta sa panahon ng kabagabagan. 40 At sila'y tinutulungan ng Panginoon, at sinasagip sila: sinasagip niya sila sa masama, at inili구tas sila. Sapagka't sila'y nagsipagkanlong sa kaniya." (Awit 37:1-40 KJV)***

Mula sa ***Awit 37*** na sinulat ni David mauunawaan natin ang pagdurusa na pinagdaraanan niya, at ang pagdurusa na maaring nararanasan mo gaya ng naranasan ni David:

***1. Magdurusa ka mula sa paglusob ng kaaway:*** Si Saulo at ang kanyang hukbo ay laban kay David. Ang ilang mga tao ay maaaring nakikipagdigma laban sa iyo at ang mga ito ay magdudulot sa iyo ng pagdurusa: ***"32 Inaabatan ng masama ang matuwid, at pinagsisikapang patayin niya siya." (Awit 37:32 KJV)***

***2. Magdurusa ka mula sa paglusob ng masasamang tao na susubukang linlangin at saktan ka:*** Maari may mga taong nakapalibot sa iyo na nais manamantala sa iyo at gamitin ka na magkapera o abusuhin ka para ibang mga bagay. Para sa kanila ikaw ay isang biktima lamang o isang masarap na pagkain na nais nilang makuha. Susubukan nilang habulin ka at magngangalit ang kanilang mga ngipin para kainin ka tulad ng mababasa natin dito: ***"12 Ang masama ay kumakatha laban sa ganap, at pinagngangalit sa kaniya ang kaniyang mga ngipin. 13 Tatawanan siya ng Panginoon: sapagka't kaniyang nakikita na ang kaniyang kaarawan ay dumarating. 14 Hinugot ng masama ang tabak, at inihanda ang kanilang busog: upang ilugmok ang dukha at mapagkailangan, upang patayin ang matuwid sa paglakad:" (Awit 37:12-14 KJV)***

***3. Magdurusa ka kapag tumugon sa maling paraan tungo sa kasamaan laban sa iyo:*** Kapag ang iyong pag-uugali ay nagbago at sinimulang gawin ang kaparehong kasamaan na ginagawa nila laban sa iyo kung gayon ikaw ay nagkakasala at iyon ang maghahatid ng pagdurusa sa iyo. Sa ***Awit 37*** may mga tagubilin tungkol sa mga bagay na hindi mo dapat gawin. Kaya't magkakaroon ka ng gayon ding kapalaran ng masasama kung hindi mo pipigilan ang mga sumusunod:

***A. Huwag manibugho o managhili: "1 Huwag kang mabalisa dahil sa mga manggagawa ng kasamaan, ni managhili ka man sa kanila na nagsisigawa ng kalikuan." (Awit 37:1 KJV)*** Ang paninibugho ay unang sanhi na nagtutulak sa mga tao na gumawa ng maraming hindi kinakailangang mga bagay na maaring magdulot sa kanila ng maraming oras, pera at pagsisikap. ***"4 Nang magkagayo'y nakita ko ang lahat na gawa, at bawa't gawang mainam na dahil dito ay pinananaghilian ang tao ng kaniyang kapuwa. Ito man ay walang kabuluhan at nauuwi sa wala." (Mangangaral 4:4 KJV)*** Kapag ikaw ay naninibugho sa ialng mga tao kung gayon ikaw ay naaakit na magkaroon ng mga bagy na mayroon sila, ngunit maaaring iyon ang mga maling bagay na magkakaroon ka at sa gayon ay sinasaktan mo ang iyong sarili.

***B. Huwag magmadali at gawin ang iyong pansarili:*** Sinabi ni David, ***"7 Ikaw ay magpahinga sa Panginoon, at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya: huwag kang mabalisa ng dahil sa kaniya na gumiginhawa sa kaniyang lakad, dahil sa lalake na nagpapangyari ng mga masamang katha." (Awit 37:7 KJV)*** Kapag hindi ka naghintay sa Dios at ginawa mo ang iyong pansarili, maaaring ang iyong problema ay malutas nang bahagya ngunit kalaunan ito ay babalik at magiging mas malala.

***C. Huwag bigyang daan ang galit: "8 Maglikat ka ng pagkagalit, at bayaan mo ang poot: huwag kang mabalisa, iya'y maghahatid lamang sa paggawa ng kasamaan." (Awit 37:8 KJV)*** Ang gakit ay hindi maghahatid ng buhay matuwid na hangad ng Dios.

***D. Huwag gawin ang masasamang bagay na ginagawa ng iba: "27 Ikaw ay humiwalay sa kasamaan, at gumawa ka ng mabuti; at manahan ka magpakailan man.." (Awit 37:27 KJV)*** Lumayo ka sa pakikipag-away, pagsisinungaling, pandaraya, pagnanakaw, panloloko, at ang lahat ng masasamang bagay, at sa halip gawin ang mabuti at tama.

***4. Maaring magdusa ka kaog pinili mong sumunosd sa mga daan ng Dios:*** Kapag pinili mong umiwas mula sa itaas na masama at nagpasyang sumunod sa Dios maaring magdusa ka pa rin dahil sa pagsalungat ni Satanas. Ngunit kailangan mong maunawaan na hindi mo magiginhawaan ang iyong sarili sa iba pang mga paraan at gawin ang ginagawa ng mga tao sa paligid mo. Ang ganitong uri ng pagdurusa, ang pagpili na maging malapit sa Dios, ay hindi magdudulot sa iyo ng pinsala, ngunit sa halip ay magkakaroon ka ng higit pang mga pagpapala at higit pang mga pribilehiyo tulad ng mababasa natin sa ***Awit 37***.

***1. <u>Babaguhin ka ng Dios upang maging matuwid na tao at isang tao ng kahatulan</u>: "6 At kaniyang palalabasing gaya ng liwanag ang iyong katuwiran, at ang iyong kahatulan ay gaya ng katanghaliang tapat." (Awit 37:6 KJV)***

***2. <u>Aalisin ng Dios ang masasamang tao sa palibot mo</u>:"9 Sapagka't ang mga manggagawa ng kasamaan ay mangahihiwalay: nguni't yaong nagsipaghintay sa Panginoon, ay mangagmamana sila ng lupain. 10 Sapagka't sangdali na lamang, at ang masama ay mawawala na: Oo, iyong uusisaing mainam ang kaniyang dako, at siya'y mawawala na. 12 Ang masama ay kumakatha laban sa ganap, at pinagngangalit sa kaniya ang kaniyang mga ngipin. 13 Tatawanan siya ng PANGINOON: sapagka't kaniyang nakikita na ang kaniyang kaarawan ay dumarating. 14 Hinugot ng masama ang tabak, at inihanda ang kanilang busog: upang ilugmok ang dukha at***

***mapagkailangan, upang patayin ang matuwid sa paglakad. 15 Ang kanilang tabak ay masasaksak sa kanilang sariling puso, at ang kanilang busog ay mababali. 35 Aking nakita ang masama sa malaking kapangyarihan, at lumalaganap na gaya ng sariwang punong kahoy sa kaniyang lupang tinubuan. 36 Nguni't may dumaan at, narito, wala na siya: Oo, hinanap ko siya, nguni't hindi siya masumpungan. 38 Tungkol sa mga mananalangsang, mangalilipol silang magkakasama: ang huling wakas ng masama ay mahihiwalay." (Awit 37:9-10, 12-15. 35-36, 38 KJV)***

***3. <u>Wawasaki ng Dios ang kapangyarihan ng masasama</u>: "17 Sapagka't ang mga bisig ng masasama ay mangababali: nguni't inaalalayan ng PANGINOON ang matuwid. 20 Nguni't ang masama ay mamamatay, at ang mga kaaway ng PANGINOON ay magiging gaya ng taba ng mga kordero: sila'y mangapupugnaw: sa usok mangapupugnaw sila." (Awit 37:17, 20 KJV)***

***4. <u>Ibibigay sa iyo ng Dios ang iyong mana at kung ano ang inilaan Niya sa iyo</u>: "11 Nguni't ang maamo ay magmamana ng lupain, at masasayahan sa kasaganaan ng kapayapaan. 18 Nalalaman ng Panginoon ang kaarawan ng sakdal: at ang kanilang mana ay magiging sa magpakailan man. 22 Sapagka't ang mga gayong pinagpala ng Panginoon ay mangagmamana ng lupain; at silang sinumpa niya ay mahihiwalay. 29 Mamanahin ng matuwid ang lupain, at tatahan doon magpakailan man." (Awit 37:11, 18, 22, 29 KJV)***

***5. <u>Pagpapalain ng Dios ang kakaunti na mayroon ka</u>: "16 Mainam ang kaunti na tinatangkilik ng matuwid, kay sa kasaganaan ng maraming masama." (Awit 37:16 KJV)***

***6. <u>Aalayan ka ng Dios sa panahon ng mga kaguluhan</u>: "19 Hindi sila mangapapahiya sa panahon ng kasamaan: at sa mga kaarawan ng kagutom ay mangabubusog sila." (Awit 37:19 KJV)***

***7. <u>Magkakaroon ka ng kasaganaan at magpapahiram ka sa iba</u>: "21 Ang masama ay humihiram, at hindi nagsasauli: nguni't ang matuwid ay nahahabag, at nagbibigay. 26 Lahat ng araw ay nahahabag, at nagpapahiram; at ang kaniyang lahi ay pinagpapala." (Awit 37:21, 26 KJV)***

***8. <u>Hahawakan ka ng Dios pagka ikaw ay matitisod, ang iyong paa ay hindi madulas, at patatagin ng Dios ang iyong mga hakbang</u>: "23 Ang lakad ng tao ay itinatag ng Panginoon; at siya'y nasasayahan sa kaniyang lakad. 24 Bagaman siya'y mabuwal, hindi siya lubos na mapapahiga: Sapagka't inaalalayan siya ng Panginoon ng kaniyang kamay.31 Ang kautusan ng kaniyang Dios ay nasa kaniyang puso, walang madudulas sa kaniyang mga hakbang." (Awit 37:23-24, 31 KJV)***

***9. <u>Hindi ka pababayaan ng Dios at patuloy ka Niyang poprotektahan</u>: "28 Sapagka't iniibig ng Panginoon ang kahatulan, at hindi pinababayaan ang kaniyang mga banal; sila'y iniingatan magpakailan man: nguni't ang lahi ng masama ay mahihiwalay." (Awit 37:28 KJV/)***

***10. <u>Ang proteksyon at pagpapala ng Dios ay aabot sa iyong mga anak</u>: "25 Ako'y naging bata, at ngayo'y matanda; gayon ma'y hindi ko nakita ang matuwid na pinabayaan, ni ang kaniyang lahi man ay nagpapalimos ng tinapay. 26 Lahat ng araw ay nahahabag, at nagpapahiram; at ang kaniyang lahi ay pinagpapala." (Awit 37:25-26 KJV)***

***11. <u>Papahiran ng Dios ang iyong bibig at magsasalita ka ng Kanyang karunungan</u>: "30 Ang bibig ng matuwid ay nangungusap ng karunungan, at ang kaniyang dila ay nagsasalita ng kahatulan." (Awit 37:30 KJV)***

***12. <u>Hindi ka pababayaan ng Panginoon sa iyong mga kaaway, kundi babaligtarin ang dulang at ipawawalang-sala ka</u>: "33 Hindi siya iiwan ng Panginoon sa kaniyang kamay, ni parurusahan man siya pagka siya'y nahatulan." (Awit 37:33 KJV)***

***13. <u>Ang kaligtasan at proteksyon ay matatangap mo mula sa Panginoon</u>: "39 Nguni't ang kaligtasan ng matuwid ay sa Panginoon: siya'y ang kanilang kuta sa panahon ng kabagabagan." (Awit 37:39 KJV)***

***14 <u>Ang tulong at kaligtasan ay nagmumula sa Panginoon</u>: "40 At sila'y tinutulungan ng PANGINOON, at sinasagip sila: sinasagip niya sila sa masama, at inililigtas sila. Sapagka't sila'y nagsipagkanlong sa kaniya." (Awit 37:40 KJV)***

May mas mahahalagang bagay na matututuhan mo at sundin upang mamuhay nang matuwid para kay Cristo at upang masunod mo Siya nang buong puso:

***A. Magtiwala sa Panginoon: "3 Tumiwala ka sa Panginoon, at gumawa ka ng mabuti; tumahan ka sa lupain, at gawin mong kumain sa kaniyang pagkatapat." (Awit 37:3 KJV)*** Ipinahahayag mo ang iyong pagtitiwala sa Dios kapag nagpasya at sumunod ka sa Kanyang Salita at sundin ang Kanyang mga daan.

***B. Magalak sa Panginoon: "4 Magpakaligaya ka naman sa PANGINOON; at bibigyan ka niya ng nasa ng iyong puso." (Ait 37:4 KJV)*** Una magalak sa Dios at kung ang iyong hangarin ay makaDios at naayon sa Kanyang kalooban at panahon kung gayon matatanggap mo ito, datawpuwat kung ang iyong hangarin ay hindi naayon sa Kanyang kalooban kung gayon babaguhon ng Dios ang iyong kagustuhan at hangarin na maging isa sa Kanyang kalooban,

***C. Ipagkatiwalang ganap ang iyong buhay sa Dios nang walang paglalaan: "5 Ihabilin mo ang iyong lakad sa PANGINOON; tumiwala ka rin naman sa kaniya, at kaniyang papangyayarihin." (Awit 37:5 KJV)*** Ipagkatiwala ang iyong mga landas sa Dios nang walang pasubali at magkakaroon ka ngb sumusunod; ***"6 At kaniyang palalabasing gaya ng liwanag ang iyong katuwiran, at ang iyong kahatulan ay gaya ng katanghaliang tapat." (Awit 37:6 KJV)***

***D. Maghintay ka nang matiyaga para sa Kanya na gawin ito para sa iyo: "7 Ikaw ay magpahinga sa PANGINOO, at maghintay kang may pagtitiis sa kaniya: huwag kang mabalisa ng dahil sa kaniya na gumiginhawa sa kaniyang lakad, dahil sa lalake na nagpapangyari ng mga masamang katha." (Awit 37:7 KJV)*** May mga pagkakataon na hindi mo ito dapat gawin nang mag-isa. Ngunit ang Panginoon mismo ang dapat gumaw nito para sa iyo.

***E. Habang naghihintay sa Kanya ingatan ang kanyang mga daan: "34 Hintayin mo ang Panginoon, at ingatan mo ang kaniyang daan, at ibubunyi ka upang manahin mo ang lupain: pagka nahiwalay ang masama, iyong makikita." (Awit 37:34 KJV)***

***F. Isaalang-alang, makinig, at sundin ang mabuting halimbawa: "37 Tandaan mo ang sakdal na tao, at masdan mo ang matuwid: sapagka't may isang maligayang wakas sa taong may kapayapaan." (Awit 37:37 JV)***

Sa ***Awit 37*** maraming beses ang salitang matuwid at katuwiran ay inulit-ulit. Nais ng Dios na lumakad ka nang mas malapit sa Kanya, manatili sa Kanyang Salita at ingatan na sundin ang Kanyang mga tagubilin upang matamasa mo ang lahat ng mga pagpapala na nabasa natin sa ***Awit 37.*** Alalahanin din na ang panalangin ng isang matuwid na tao ay makapangyarihan at mabisa tulad ng mababasa mo sa ***Santiago 5:16, "Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang kayo'y magsigaling. Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid."***

***Sa aking mahala at minamhal: Isaias 26:3*** sinasabi, ***"Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pagiisip ay sumasa iyo: sapagka't siya'y tumitiwala sa iyo."*** Ipinangako ng Dios ang sakdal na kapayaapaan para sa mga nag-iingat ng Kanyang mga daan at lubos na nagtitiwala sa Kanya. Sa ***Juan 14:27 Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man."*** Ipinangako ni Jesus ang kapayapaan na ibibigay at iiwan sa iyo. Sinabi Niya rin na hindi Niya ibibigay sa iyo ang tulad ng ibinibigay ng mundo sa iyo. Kaya't kung ikaw ay umiiwas sa lahat ng kasamaan at iingatan ang lahat ng mga tagubilin na natutunan mo mula sa Awit 37 kung ang kapayapaan ay mapapasa iyo.

Manalangin tayo ….

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon Ako'y nagpapasalama para sa iyong pagpapala at mga pangako sa akin. Panginoon salamat para sa iyong Salita n ipinakita sa aking malinaw ang aking buhay at kung paano mo nais na ipamuhay ko ito. Panginoon salamat para sa lahat ng turo, ng mga pagsaway at pagwawastong tinanggap namin sa mensaheng ito.*

*Magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang kakulangan mo ng pananampalataya at pagtitiwala sa Dios. Magsisi sa paggawa ng sariling mong kagustuhan at plano at magkaroon ngsariling mong kalutasan. Magsisi sa paninibugho at pananaghili. Magsisi sa iyong pagsisinungaling, pandaraya, pagnanakaw, panloloko, at ang lahat ng gawa ng laman. Magsisi at atlikuran ang iyong pakikisama sa mga daan ng masama. Magsisi sa iyong pagmamataas, galit at pakikipag-away. Talikuran ang iyong pakikisama sa di mga mananampalataya at pagsasayang ng oras sa Media. Magsisi sa iyong kamunduhan at iyong pagibig sa sa materyal na mga bagay. Magsisi sa iyong kakulangan sa pananalangin at pagbabasa ng Salita ng Dios. Panginoon Ako'y nagsisi, patawarin mo ako, Tinatalikuran ako ang sumusunod na mga kasalanan ________________________.*

*Panginoon bigyan mo ako ng pagpipigil sa sarili at pagtitiis na lumakad sa iyong mga landas na itinkda mo sa akin. Panginoon bigyan mo ako ng higit pang bunga ng Banal na Espiirtu, pagibig, kagalakan, kapayapaan kaamuhan, kagandahang-loob, pananampalataya, kababaang-loob, pagtitiis at pagpipigil sa sarili sa gayo'y makita ng mga tao si Cristo sa aking buhay. Panginoon Ipingkatiwala ko aking sarili na maghintay sa iyo na dumatn at lutasin ang aking mga problema ________________________.*
*Panginoon Ipinagkatiwala ko ang aking sarili na maglingkod sa iyo at ipamuhay ang aking buhay sa pagsunod sa iyong plano sa pagsasakatuparan ng iyong layunin sa aking buhay, itong lahat ang Aking samo't dalangin sa panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinagkatiwala ang kanilang buhay at landas na lumakad sa katotohanan ng iyong Salita. Panginoon pagpalain kami at pagpalain ang kanilang pamilya at mga anak at pagpalain ang mga gawa ng kanilang mga kamay. Panginoon alalayam mo sila sa buhay na ito, protektahan sila mula lahat ng gumagawa ng masamam at ibigay ang kanilang mga kailangan sa gayo'y magpatuloy sila na paglingkuran ka at maging mabuting halimbawa sa iba na sundin ka,*

*Panginoon pagpalain kami bilang simbahan at tulungan kami na patuloy na lumakad sa iyong mga daan at ilayo kami sa lahat ng mga tukso at protekatah kami mula sa masasama. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu, at patnubayan kaming magevangelio at abutin ang bagong mga tao at pagsilbihan sila, at gumawa ng bagong mga alagad at magsanay ng bagong mga manggagawa, pagtatanim ng bagong pag-aaral ng Biblita at kapisanan para sa simbahan. Panginoon iligtas kami mula sa mga kaguluan at harapin ang aming mga kaaway. Panginoon ihanda mo kami sa iyong pagdating na sumama kami sa iyo kapag bumalik ka. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banall na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Dios
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Dios, United Arab Emirates.

Sa karagdagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa:www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.
Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.
Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, ng iyong unang bunga at iba'tibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pananalapi, malaya kayo makipag-ugnayan sa akin sa whatsapp na numero: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com